Stanford University	**Pahintulot na Lumahok sa Pananaliksik** (Consent to Participate in Research) [Tagalog]	TEM-C-5tag

Hinihiling sa iyong makilahok sa isang pananaliksik na pag-aaral. Ang pamagat ng pag-aaral ay:

_____

_____

_____

_____

_____

Ibinibigay sa iyo ang mahalagang impormasyon para sa pag-aaral na ito. Bago ka sumang-ayon, dapat sabihin sa iyo ng tagapagsiyasat ang tungkol sa (i) mga layunin, procedure, at tagal ng pananaliksik; (ii) anumang procedure na pang-eksperimento; (iii) anumang makatwirang mahuhulaang panganib, kawalan ng ginhawa, at benepisyo ng pananaliksik; (iv) anumang potensyal na kapaki-pakinabang na alternatibong procedure o paggamot; (v) paano papanatilihin ang pagiging kumpidensyal; at (vi) paggamit sa hinaharap ng iyong impormasyon o mga biological na specimen.

Kapag naaangkop, dapat ding sabihin sa iyo ng tagapagsiyasat ang tungkol sa (i) anumang available na kabayaran o medikal na paggamot kung magkakaroon ng pinsala; (ii) ang posibilidad ng mga hindi mahuhulaang panganib; (iii) mga sitwasyon kung saan maaaring ihinto ng tagapagsiyasat ang iyong paglahok; (iv) anumang dagdag na babayaran mo; (v) ang mangyayari kung magpapasya kang huminto sa paglahok; (vi) kung kailang ka sasabihan tungkol sa mga bagong matutuklasan na maaaring makaapekto sa kahandaan mong lumahok; (vii) kung ilang tao ang kasama sa pag-aaral; (viii) ang paggamit ng iyong mga biological na speciment para sa komersyal na kita; (ix) kung sasabihan ka tungkol sa iyong mga resulta sa pananaliksik; (x) kung posibleng kasama sa pananaliksik ang whole genome sequencing; at (xi) kung naisumite o isusumite ang impormasyon tungkol sa pananaliksik para isama sa pagpaparehistro ng klinikal na pagsubok.

Kung sasang-ayon kang lumahok, bibigyan ka ng kopya ng dokumentong ito (nilagdaan gaya ng kinakailangan) at nakasulat na English na buod ng pananaliksik.

Kung mayroon kang anumang tanong, alalahanin, o reklamo tungkol sa pananaliksik na pag-aaral na ito, mga procedure nito, panganib at benepisyo, o alternatibong paraan ng paggamot, dapat kang magtanong sa

Direktor ng Protokol, _____

Maaari kang makipag-ugnayan sa kanya ngayon o sa ibang pagkakataon sa

_____

Kung hindi ka nasisiyahan sa paraan kung paano isinasagawa ang pag-aaral na ito, o kung mayroon kang anumang alalahanin, reklamo, o pangkalahatang tanong tungkol sa pananaliksik o sa iyong mga karapatan bilang kalahok ng pananaliksik na pag-aaral, mangyaring makipag-ugnayan sa Lupon sa Pagsusuri ng Institusyon (Institutional Review Board o IRB) ng Stanford para makipag-usap sa isang may-kabatirang indibidwal na hindi bahagi ng pangkat ng pananaliksik sa (650)-723-5244 o nang walang bayad sa 1-866-680-2906. Maaari ka ring sumulat sa *Stanford IRB, Stanford University, 1705 El Camino Real, Palo Alto, CA 94306.*

Boluntaryo ang iyong paglahok sa pananaliksik na ito, at hindi ka paparusahan o mawawalan ng mga benepisyo kung tatanggi kang lumahok o magpapasya kang huminto.

Ang paglagda sa dokumentong ito ay nangangahulugan na ang pananaliksik na pag-aaral, kabilang ang impormasyon sa itaas, ay pasalitang inilarawan sa iyo, at kusang-loob kang sumasang-ayong lumahok.

_____	_____	_____	_____
Lagda ng Kalahok/ Legal na Awtorisadong Kinatawan/ (Mga) Magulang o Tagapangalaga /	*Petsa /*	*Lagda ng saksi (hal., mga kawani, interpreter, miyembro ng pamilya) /*	*Petsa /*
Signature of Participant/ Legally Authorized Representative/ Parent(s) or Guardian(s)	*Date*	*Signature of witness (e.g., staff, interpreter, family member)*	*Date*

Bill ng Mga Karapatan ng Pang-Eksperimentong Kalahok

(Experimental Subject's Bill of Rights)

Bilang kalahok sa pananaliksik, mayroon ka ng mga sumusunod na karapatan.

Kabilang sa mga karapatang ito ang, pero hindi limitado sa karapatan ng kalahok na:

- mabigyang-alam tungkol sa katangian at layunin ng eksperimento;
- mabigyan ng paliwanag tungkol sa mga procedure na susundin sa medikal na eksperimento, at anumang gamot o device na gagamitin;
- mabigyan ng paglalarawan ng anumang kawalan ng ginhawa at panganib sa attendant na makatuwirang maaasahan;
- mabigyan ng paliwanag tungkol sa anumang benepisyo sa kalahok na makatuwirang maaasahan, kung naaangkop;
- mabigyan ng paghahayag ng anumang naaangkop na alternatibo, gamot, o device na maaaring kapaki-pakinabang sa paksa, sa kanyang mga nauugnay na panganib at benepisyo;
- mabigyang-alam tungkol sa mga paraan ng medikal na paggamot, kung may magiging available sa paksa pagkatapos ng eksperimento kung magkakaroon ng mga kumplikasyon;
- mabigyan ng pagkakataong magtanong hinggil sa eksperimento o mga nauugnay na procedure;
- mabigyang-alam na maaaring bawiin ang pahintulot na lumahok sa medikal na eksperimento anumang oras at maaaring ihinto ng kalahok ang paglahok nang walang pagtatangi;
- mabigyan ng kopya ng may lagda at petsang form ng pahintulot; at
- mabigyan ng pagkakataong magpasyang magpahintulot o hindi magpahintulot sa isang medikal na eksperimento nang walang paggamit ng anumang puwersa, panloloko, panlilinlang, pamimilit, pananakot, o labis na impluwensya sa pagpapasya ng kalahok.